



maaari nating
**pangalagaan ang
ating mga daanan
ng tubig**

sa kaunting
hakbang lang.

Inspeksyunin ang Negosyo Ninyo

Ang **Programa ng Pangangalaga sa Watershed ng Lalawigan ng San Diego** ay sumusuporta sa mga pagsisikap ng mga negosyo para maiwasan ang polusyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga mahahalagang Stormwater Best Management Practices (BMP) o mga Pinakamagandang Kaugalian sa Pamamahala ng Stormwater.

! Ang tubig na pinapakawala sa mga kalsada, alulod, at mga kanal sa Lalawigan ng San Diego ay HINDI PA NALINIS bago ito makarating sa ating mga lokal na sapa, ilog, at sa karagatan. Ang lahat ng pinagmumulan ng polusyon ay pinagbabawalang makaalis sa inyong pag-aari at makapasok sa mga kalsada o kanal. Tubig-ulan lang ang pinapayagan sa kalsada at mga kanal. **Ang mga tip na ito sa pag-iinspeksyon ng inyong negosyo ay makakatulong para panatilihin malinis ang ating mga daanan ng tubig.**

Listahan ng mga Iinspeksyunin

- ❑ Inspeksyunin ang loob at labas ng lugar ng iyong negosyo nang hindi bababa sa isang beses kada taon at hanapin ang mga lugar na kailangang ayusin.
- ❑ Alisin ang anumang ilegal na koneksyon sa sistema ng storm drain o anyong tubig.
- ❑ Tiyakin na ang lahat ng lumalabas na tubig na hindi stormwater ay nakukuha sa site at nare-recycle, nagagamit-muli, o maayos na naitatapon batay sa lahat ng mga naaangkop na batas at regulasyon.
- ❑ Regular na inspeksyunin ang sahig para sa mga basura at tapon na kailangan ng agarang paglilinis.
- ❑ Pana-panahong inspeksyunin ang mga lugar na paradahan at gasolinahan para sa pamumuo ng mga substance tulad ng langis, gaas, at grasa.
- ❑ Pana-panahong inspeksyunin, linisin, at panatilihin maayos ang mga bubong ng inyong (mga) gusali.
- ❑ Madalas na inspeksyunin at panatilihin maayos ang lahat ng mga pangkontrol sa istruktura ng stormwater tulad ng mga panghiwalay ng langis/tubig, sump, berm, o pangalawang mga gamit na lalagyan.

mas madami pang tip >>>



Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa Stormwater Hotline sa **(888) 846-0800** o bisitahin ang www.sandiegocounty.gov/dpw/watersheds.html para sa WPO.



Pagsusulat at Pagtatala

- ❑ Isulat ang anumang aksyong pag-ayos na ginawa.
 - ❑ Isulat ang lahat ng mga nakikitang obserbasyon; suriin ang pagiging epektibo at kondisyon ng lahat ng mga BMP.
 - ❑ Tiyakin na ang inyong Stormwater Pollution Prevention Plan (SWPPP) o Plano para Maiwasan ang Polusyon sa Stormwater at iba pang dokumentong may kaugnayan ay laging updated at lahat ng elemento ay tama at naipapatupad nang sapat.
 - ❑ Tiyakin na ang lahat ng mga dokumentong may kaugnayan sa stormwater ay maaaring suriin ng inspektor, kabilang ang mga tala ng pagsasanay, SWPPP, Notice of Intent (Abiso ng Hangarin) o mga tala ng Pagmomonitor o Pagsasampol.
- ⚠ Ang pagpapakawala ng mga dumi nang direkta o di-direkta sa loob ng sistema ng storm drain o daanan ng tubig ay isang paglabag sa Watershed Protection Ordinance (WPO) o Ordinansa sa Pangangalaga ng Watershed ng Lalawigan. **Obligadong sumunod ang negosyo ninyo sa WPO at sa mga sumusunod na pinakasimpleng BMP.**

maaari nating
pangalagaan ang
ating mga daanan
ng tubig
sa kaunting
hakbang lang.

salamat sa paggawa ng inyong bahagi para pangalagaan ang ating mga daanan ng tubig.



Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa Stormwater Hotline sa (888) 846-0800 o bisitahin ang www.sandiegocounty.gov/dpw/watersheds.html para sa WPO.